

YOKOSO

CHIBA NO GAKKOU HE

**「ようこそ ちばの学校へ」**

**TAGALOG**

**タガログ語**

-TAGALOG-	-日本語-
<p><b>Pambungad</b></p> <p>Ang pangalan ko ay Robert.            Ang aking ama ay Amerikano.            Gusto ko ang P.E. sapagkat nagkakaroon ako ng pagkakataong makapaglaro ng paligsahan kasama ang aking mga kaibigan.</p> <p>Ako po ay si Akihime Inori.            Ang aking ina at ama ay Taiwanese.</p> <p>Ang paborito kong asignatura ay Musika. Gustong gusto ko talaga ang pagkanta.</p> <p>Kumusta po sa inyong lahat?            Ako po ay si Yui Nakashima ng Mababang Paaralan ng Katsutadai.</p> <p>Taos puso kaming nagpapasalamat sa inyong pagsapi sa aming paaralan.</p> <p>Sigurado ako na ang inyong bansa at ang inyong mga kinagisnang kultura ay naiiba.</p> <p>At marahil maraming mga pagkakaiba sa pagitan ng sistema ng inyong paaralan at ng paaralan dito sa bansang Hapon.</p> <p>Ating panoorin ang video tape na ito at sana po ay may matutunan kayo kahit na kaunti tungkol sa aming eskwelahan.</p>	<p>【オープニング】</p> <p>ぼくの名前はロバートです。            お父さんはアメリカ人です。            僕は体育の授業が好きです。それは皆と運動したり出来るからです。</p> <p>江徳暁媛（エノリ アキヒメ）です            私のお母さんとお父さんは台湾人です。</p> <p>私の好きな授業は音楽です。みんなと一緒に歌ったり合奏することが大好きです。</p> <p>みなさん こんにちは            勝田台小学校 中島 優衣です。</p> <p>はるばる遠くの外国から日本にこられ、私たち 日本の学校に編入されることを 心から歓迎いたします。            みなさんの国と 風俗や習慣も違うでしょう。            学校の教育制度や内容にも違いがあることでしょう。            このビデオを観て 日本の学校のことが少しでもわかっていただけたらうれしいです。</p>
<p><b>Ang Sistema sa Aming Paaralan</b></p> <p>Dito sa Japan, nagsisimula kaming mag-aral sa edad na anim na taong gulang.            Ayun sa itinakda ng Board of Education, tungkulin naming pumasok ng anim na taon sa elementarya at tatlong taon sa Junior High School.</p> <p>Ang aming taunang pag-aaral ay nag-uumpisa sa buwan ng Abril at nagtatapos sa buwan ng Marso.</p>	<p>【教育制度】</p> <p>日本の国は 満6歳になると学校に入学します。            小学校6カ年 中学校3カ年が義務教育です。</p> <p>4月に新年度が始まり、3月に修了します。</p>

<p>Mayroon kaming mga panahunang bakasyon sa loob ng isang taunang pag-aaral. Ito ay pumapagitna sa taunang tag-init, taglamig, at tagsibol ng aming bansa.</p> <p>Tumatagal ng apatnapung araw ang aming bakasyon sa tag-init. Ito ay aming sinisimulan sa katapusan ng buwan ng Hulyo hanggang sa kabuuan ng buwan ng Agosto.</p> <p>Ang aming bakasyon tuwing taglamig ay halos tumatagal ng dalawang linggo. Ito ay nagsisimula sa buwan ng Disyembre hanggang sa simula ng Enero.</p> <p>Tuwing tagsibol, may dalawang linggo kaming bakasyon mula katapusan ng Marso hanggang magsimula ang Abril.</p> <p>Ang ibang paaralan na mayroong dalawang termino ay nagkakaroon din ng mga ilang araw na bakasyon tuwing tagsibol. Sa paaralang Hapon, araw ng pahinga tuwing Sabado at Linggo.</p> <p>Nakasanayan na namin na mayroong naaangkop na mga gawain ang bawat araw at oras na aming ginugugol sa loob ng paaralan. Pinagkakalooban ang lahat ng libreng edukasyon sa loob ng siyam na taong sapilitang pag-aaral.</p> <p>Ang mga taunang “health check-ups” ay wala ring bayad. Subalit ang ibang mga bagay tulad ng materyales na ginagamit sa eskwelahan, pananghalian, at mga ekskursyon ay may mga kaukulang bayad.</p> <p>Maraming mga pagkakaiba sa ating pampaaralang sistema na maaaring mag-iwan sa inyo ng mga pag-aalinlangan. Sana sa pamamagitan ng video tape na ito ay maibsan namin ang iba sa inyong mga alalahanin at masagot ang iba sa inyong mga katanungan.</p> <p>Maaari po lamang na panoorin ang video at magsangguni po lamang sainyong “multilingual pamphlet”.</p> <p><b>Ang Unang Araw Sa Paaralan</b></p>	<p>その間、夏休み、冬休み、春休みがあります。</p> <p>夏休みは、7月下旬から8月いっぱいまで の約40日 冬休みは12月から1月のはじめの2週間くらい。 春休みは3月下旬から4月のはじめの2週間の休みがあります。</p> <p>2期制をとっている学校の中には、数日の秋休みをとっている所もあります。</p> <p>日本の学校では、毎週土曜日と日曜日がお休みです。 1日の日課は時間割で決まっています。</p> <p>9カ年の義務教育の授業料は、無償です。</p> <p>学校で行う発育測定は、無料です。しかし、教材費、給食費、校外での学習費など、必要な実費は集金されます。</p> <p>この他にも違うところがあって、とまどわれることもあるでしょう。このビデオは、みなさんの心配を少しでもなくそうと考え、製作いたしました。</p> <p>お手元の対訳表を参考にしながら、最後までごらんください。</p> <p>【学校の1日】</p>
--	---

<p>Panoorin natin ang unang araw mo sa paaralan.</p> <p>Ang aming klase ay nagsisimula ng ika-walo ng umaga.</p> <p>Maaaring dumating sa paaralan anumang oras sa pagitan ng alas-syete imedyang hanggang alas-otso ng umaga.</p> <p>May sariling kalsada para sa mga estudyante at ito ang daanan na dapat gamitin papunta sa paaralan at pauwi ng bahay.</p> <p>Ang paaralan ang nagsasabi kung ano ang pinakaligtas na kalye na dapat daanan.</p> <p>Magtungo sa eskwelahan gamit ang mga itinakdang kalye kasama ang mga kaibigan mula sa inyong lugar.</p> <p>Panatiliing laging ligtas ang inyong sarili at laging tandaang sumunod sa mga batas trapiko.</p> <p>Ang bawat eskwelahan ay may nakatalagang pampaaralang tarangkahan (gate).</p> <p>Sa mga tarangkahang (gate) ito makikita ang pangalan ng inyong paaralan.</p> <p>Pumasok araw-araw sa eskwelahan sa pamamagitan ng mga tarangkahang (gate) ito.</p> <p>Sa tuwing papasok sa inyong silid-aralan, gamitin lamang ang mga pintuan (student's entrance) na itinakda para sa mga mag-aaral.</p> <p>Sa mga pintuang ito (student's entrance), may nakatalagang espesyal na lalagyan ng mga sapatos para sa bawat estudyante.</p> <p>Magpalit kayo ng sapatos na sadyang ginagamit para sa loob lamang at maaari na kayong pumasok sa inyong mga silid-aralan.</p> <p>Ating tingnan ang inyong pampaaralang uniporme sa pagtungo niyo sa eskwelahan.</p> <p>Isuot ang inyong dilaw na sumbrero at ang inyong mga “nametag”.</p> <p>Ilagay sa loob ng inyong “school bag” ang inyong mga gamit sa pag-aaral.</p> <p>Ibukod ang inyong mga “PE uniform” sa ibang bag.</p> <p>Karamihan sa mga paaralan sa elementarya ay maaaring magsuot ng mga kaswal na kasuotan.</p> <p>Dapat ang inyong sapatos ay “sandshoes” at hindi maaaring magsuot ng sandals papunta sa paaralan.</p>	<p>それでは、学校の1日の生活を紹介します。</p> <p>わたしたちの学校は8時に始まりません。</p> <p>7時半～8時までの間に登校します。</p> <p>通学路は、登下校するときの 家から学校までの道です。</p> <p>安全な道が、学校で決められています。</p> <p>近所の友達と一緒に 決まった道を通って、登下校します。</p> <p>交通ルールを守って安全に登校しましょう。</p> <p>どの学校にも校門があります。</p> <p>校門には、学校の名前が書いてあります。</p> <p>毎日、ここを通して、登下校をします。</p> <p>教室に入るときには「昇降口」を使います。</p> <p>「昇降口」には、ひとりひとりに、靴入れがあります。</p> <p>ここで、うわばきにはきかえて教室に入ります。</p> <p>登下校の服装をみてみましょう。</p> <p>黄色い帽子をかぶり、名札を付けます。</p> <p>学習道具は、ランドセルに入れます。</p> <p>体操服は、セカンドバッグにいれます。</p> <p>小学校では、私服の学校が多いです。</p> <p>靴は運動靴です。サンダルでは、通学しません。</p>
--	---

<p>Karamihan sa mga Junior High School ay may pampaaralang uniporme.</p> <p>Bawat paaralan ay may kani-kanilang pasadyang uniporme na mayroong espesyal na butones at tsapa kung kaya't maaaring magtanong sa inyong kaukulang eskwelahan ukol dito.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● Mga Paghahanda sa Pag-aaral</li> <li>● Paggamit ng inyong “school diary”</li> <li>● Paglalaro sa labas</li> <li>● Sariling Pag-aaral at Pagbabasa sa umaga</li> </ul> <p>Kapag nakita ninyo ang inyong guro, kinakailangang magtipon ang buong klase para sa umagang pagbati.</p> <p>Sa tuwing umagang pagtitipon, ang inyong guro ang magsasabi ng mga nakatakdang gagawin sa maghapon at mungungumusta sa lahat. Ang buong klase ay magsisimula ng isang malugod at masayang awit bilang pagbati sa umaga.</p> <p>Makinig ng maayos sa inyong guro at mga kamag-aral sa tuwing sila ay nagsasalita.</p> <p>Mapapaligiran ka ng isang mabait na guro at mga kahanga-hangang kaibigan na siguradong iyong makakapalagayan ng loob.</p> <p><b>Pag-aaral (Studying)</b></p> <p>Sa simula ng klase, magtipon kayo ng iyong mga kaeskwela at taimtim na makinig sa inyong guro.</p> <p>Kung minsan maaari kayong mag-aral kasama ang inyong mga kaklase sa loob isang maliit na grupo at kung minsan naman ay posibleng mag-isa kayong mag-aral.</p> <p>Maaari rin kayong pumunta sa silid-aklatan para maghanap ng mga aklat na inyong magagamit sa inyong mga pag-aaral.</p> <p>Depende sa inyong mga asignatura, maaari kayong lumipat ng iba't-ibang silid-aralan para sa espesyal na liksiyon.</p> <p>Ang mga asignatura tulad ng Musika, Sining, at Home Economics ay maaaring hilinging kayo ay lumipat ng lugar na pagdadausan ng inyong klase.</p> <p>Ang bilang ng liksiyon sa loob ng isang araw at ang oras ng pag-uwi</p>	<p>中学校では、制服が多いようです。</p> <p>各学校で決まった制服やボタン、バッジがありますので、学校におたずねください。</p> <p>—学習の準備— —連絡帳の提出— —外遊び— —朝自習：朝読書—</p> <p>先生がお見えになったら、みんなで揃って挨拶をします。</p> <p>朝の会は、今日の予定の確認や健康観察をします。</p> <p>みんなで歌を歌って、朝のスタートを気持ちよくします。</p> <p>先生や友達の話をよく聞きます。</p> <p>やさしい先生を中心に、親切な友達がたくさんいて、なかよくしてくれることでしょう。</p> <p>〔学習〕</p> <p>学習がはじまります。先生の話をみんなでそろって聞きます。</p> <p>数人でグループになることもあれば、一人で学習することもあります。</p> <p>図書室などで参考書を探して学習するときもあります。</p> <p>教科によっては、特別な教室に移動して学習することもあります。</p> <p>音楽、図工、家庭科などです。</p> <p>授業時間数や下校時刻は、曜日や学</p>
--	--

<p>ng bahay ay depende sa araw ng linggo at sa inyong baitang (year level).</p> <p>Para sa mga estudyante na nasa ika-anim na baitang, karaniwang may lima hanggang anim na asignaturang pinag-aaralan sa loob ng isang araw.</p> <p>Bawat asignaturang pinag-aaralan ng mga mag-aaral sa elementarya ay tumatagal ng apatnapu't-limang minuto.</p> <p>Sa mababang paaralan, ang “homeroom teacher” ay ang karamihang nagtuturo ng bawat asignatura.</p> <p>Sa Junior High School, ang inyong mga guro ay nagpapalit-palit ayon sa mga asignatura na pinag-aaralan. Ang bawat klase ay tumatagal ng limampung minuto.</p> <p>Ang mga aralin sa P.E. ay maaring ganapin alinman sa bakuran ng paaralan (schoolyard) o sa hymnasyo (gymnasium).</p> <p>Para sa P.E., kinakailangang magpalit para sa inyong kaukulang mga “P.E. uniform” upang kayo makagalaw ng maayos.</p> <p>Ang mga aralin sa P.E. ay punong-puno ng mga gawaing pampisikal na gumagamit ng mga kagamitan tulad ng “vault box”, “mat”, at “exercise bar”.</p> <p><b>Oras ng Pagpapahinga (Recess Time)</b></p> <p>Ang “recess time” ay ang oras na ibinibigay sa mga mag-aaral upang makapaghanda para sa susunod na aralin.</p> <p>Mayroon ding oras para sa pagpunta sa palikuran kung kinakailangan.</p> <p>Datapwa't hindi ito ang oras para kumain ng mirienda.</p> <p>Sa mga mahahabang “recess” tulad ng mga recess sa kalagitnaan ng umaga at oras ng pananghalian, kayo ay maaaring maglaro at magsaya sa loob ng bakuran ng eskwelahan (schoolyard).</p> <p><b>Tanghalian sa Paaralan (School Lunch)</b></p> <p>At ngayon ay oras na ng pananghalian!</p> <p>Bawat paaralan ay mayroong tinatawag na “school lunch”.</p> <p>Ang lahat ay kumakain ng pare-parehong pagkain para sa pananghalian.</p> <p>Nagbabago ang pagkaing inihahain buwan buwan at paunang</p>	<p>年により異なります。</p> <p>6年生では、1日だいたい5～6時間</p> <p>1時間は、小学校は45分です。</p> <p>小学校では、授業は担任の先生が中心になって指導します。</p> <p>中学校では、教科ごとに先生が替わります。</p> <p>中学校は、1時間50分です。</p> <p>体育の時間は、校庭や体育館に行つて学習します。</p> <p>体育の学習は、動きやすい体操服に着替えます。</p> <p>跳び箱、マット、鉄棒などの運動が盛んです。</p> <p>〔休憩時間〕</p> <p>休み時間は、次の学習準備をします。トイレもこの時間にすませます。しかし、スナックタイムはありません。</p> <p>昼休み・業間など 少し長い休み時間には、校庭で元気よく遊びます。</p> <p>〔給食〕</p> <p>お昼になりました。</p> <p>どの学校にも 給食があります。</p> <p>みんな 同じメニューです。</p> <p>献立は、月ごとに前もって知らせて</p>
---	---

<p>ipaalam sainyo kung anong uri ng pagkain ang ihahanda para sa susunod na araw.</p> <p>Marapat lamang na ipaalam sainyong mga guro kung mayroon kayong natatanging pagkain na hindi pwedeng kainin dahil sa mga allergy o kaya’y mga relihiyosong paniniwala.</p> <p>Ikaw ay magkakaroon ng pagkakataong maghain ng pagkain sa iyong mga kamag-aral. Ang iyong mga kaibigan ang siyang maghahatid ng iyo at kani-kanilang pagkain sa mga nakatalagang mesa.</p> <p>Ang mga estudyanteng nakasuot ng puting balabal ay ang siyang may tungkuling maghain ng mga pagkain para sa bawat estudyante at ito ay nagpapalit linggo-linggo.</p> <p>Ang lahat ay mag-uumpisang kumain pagkatapos ng sabay-sabay na pagsabing ‘itadakimasu’.</p> <p>Kumakain kami gamit ang kutsara o kaya ay “chopsticks”.</p> <p>Kung kayo ay nahihirapang kumain gamit ang “chopsticks”, huwag mag-atubiling kausapin ang inyong mga “homeroom teacher”.</p> <p>Pagtapos na kayong kumain, ang lahat ay sabay-sabay magsasabi ng ‘gochisosama deshita’.</p> <p>Pagkatapos ng tanghalian, magsipilyo ng ngipin at maaari na kayong maglaro.</p>	<p>くれます。</p> <p>アレルギーや宗教上の理由で、食べてはいけない食品がある場合は、お知らせください。</p> <p>友達同士で盛りつけをしたり運んだりします。</p> <p>白衣を着ているのは、給食当番です。1週間交代で係をします。</p> <p>食事の挨拶は、「いただきます。」で食べ始めます。</p> <p>スプーンやお箸を使って食べます。お箸が上手に使えないときは、担任の先生に相談しましょう。</p> <p>食べ終わったら、「ごちそうさまでした。」と挨拶をします。</p> <p>食事の後は、歯磨きをして休憩をします。</p>
<p><b>Paglilinis (Cleaning)</b></p> <p>At ngayon ay oras na ng paglilinis!</p> <p>Araw-araw kami ay naglilinis ng mga ginamit na silid-aralan. Hindi lamang ang aming mga silid-aralan ang aming nililinis kundi pati ang ibang bahagi ng buong paaralan. Ang bawat mag-aaral ay may kaniya-kaniyang pagkakataong maglinis ng ibang parte ng eskwelahan.</p> <p><b>Homeroom</b></p> <p>Kapag ang liksiyon sa buong maghapon ay tapos na, oras na para sa Homeroom.</p> <p>Ang inyong guro ang siyang magsasabi ng mga dapat ihanda kinabukasan.</p>	<p>〔清掃〕</p> <p>掃除の時間です。自分たちの使っている教室を毎日掃除します。教室だけでなく、学校の他の場所もみんなで分担して綺麗にします。</p> <p>〔帰りの会・下校〕</p> <p>1日の学習が終わると 帰りの会を行います。</p> <p>先生からあしたの準備のお話があります。</p>

<p>May mga paunawa ring manggagaling mula sa inyong mga kaibigan.</p> <p>Sa oras ng “Homeroom”, isinusulat ang mga mahahalagang bagay na gagawin kinabukasan. Ang mga ito ay itinatala sa isang kwadernong tinatawag na “school diary”.</p> <p>Kung may mga importanteng mga bagay na nais malaman at mga bagay na nais itanong ang inyong mga magulang, maaari nila itong isulat sa inyong mga “school diary” upang inyong maipabasa sa inyong mga guro sa “Homeroom”.</p> <p>Mangyari lamang na gamitin ang inyong mga “diary” sa pagsulat ng mga mahahalagang impormasyon hinggil sa araw at dahilan ng inyong pagliban sa klase, kung nahuli sa pagpasok, o kaya’y kung uuwi ng maaga.</p> <p>Maaari ring gumamit ng telepono sa mga mahahalaga at mga apurahang sitwasyon.</p> <p>Kung mahuhuli sa pagpasok sa klase o kaya’y uuwi ng maaga, mangyari lamang na huwag pupunta ng mag-isa, kinakailangang magpahatid o magpagsundo sa inyong mga magulang.</p> <p>Pagkatapos magpaalam sa inyong guro at mga kaibigan, maaari na kayong umuwi sa inyong bahay.</p> <p>Umuwi sa pamamagitan ng parehong kalsada na iyong dinaanan papunta ng eskwelahan kasabay ng iyong mga kaibigan na malapit sa inyo.</p> <p>Mag-ingat sa mga kalsada na iyong dadaanan pauwi ng bahay. Iwasan ang anumang aksidenteng pantrapiko.</p> <p>Iwasang dumaan kung saan-saang tambayan.</p> <p><b>Club Activities</b></p> <p>Pagkatapos ng inyong klase sa “Homeroom”, maaari kayong sumali sa mga “club activities” ayon sa inyong sariling kagustuhan.</p> <p>May mga “club” para sa mga mahihilig sa musika tulad ng mga banda at mga koro. Mayroon ring mga “club” na nauukol sa palakasan tulad ng basketbol at soccer club.</p> <p>Sa Junior High School, maraming iba’t-ibang club na maaaring salihan tulad ng volleyball at baseball club.</p> <p>Mayroon ring mga paligsahang ginaganap na kung saan ang</p>	<p>友達同士の連絡もあります。</p> <p>私たちは帰りの会で、「連絡帳」というノートに 明日の連絡をかきま す。</p> <p>保護者の皆さんも、相談や連絡がある場合も この「連絡帳」に書いて担任の先生に提出してください。</p> <p>学校を休む場合や遅刻・早退する場合も日時・理由を 必ず連絡帳でお知らせください。</p> <p>急な場合は、電話でもかまいません。 遅刻・早退の場合は、保護者の方が一緒にお願いします。</p> <p>ひとりで登校・下校することがないようにお願いします。</p> <p>先生や友達に「さようなら」の挨拶を交わして帰ります。 朝と同じ道を通って帰ります。近くの友達同士で帰ります。</p> <p>交通事故に遭わないように、気をつけて帰ります。 寄り道は、しません。</p> <p>〔部活動〕</p> <p>「帰りの会」のあと希望者によって、部活動をします。 吹奏楽部・合唱部などの音楽系の部活動。バスケットボール・サッカーなどの運動系の部活動があります。 中学校では、バレーボールや野球部などたくさんの部活動があります。 他の学校との対抗試合や大会もあり</p>
--	---



<p>iba't-ibang paaralan ay naglalaban-laban.</p> <p>Ito ay nagsisilbi lamang na isang maikling pagpapakilala ng buhay sa loob ng pampaaralang Hapon.</p> <p>Sa bansang Hapon, marami ng mga pagkakaibigan ang namuo mula sa mga dayuhang bansa at mga kaibigan na bumalik dito.</p> <p>Hangad namin ang isang magandang kapalaran para sa inyong buhay sa paaralang Hapon. Sikapin ninyong gawin ang inyong pinakamahusay sa inyong pag-aaral.</p> <p>Kalimutan ang inyong mga pag-aalinlangan at sa halip ay matuwa sa inyong bagong paaralan.</p>	<p>ます。</p> <p>これで日本の学校が全部紹介されたわけではありません。</p> <p>日本には、みなさんより先に外国から来た友だちや、日本に帰ってきた友だちがたくさんいます。</p> <p>もう、すっかり日本の学校生活になれて、一生懸命学習しています。</p> <p>どうぞ、ご心配なく おいでください。</p>
---	---